

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 7 Ang Layunin, Paraan, Sirkumstansya, at Kahihinatnan ng Kilos



Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan- Modyul 7: Ang Layunin, Paraan, Sirkumstansiya, at Kahihinatnan ng kilos.
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Marlon V. Marlon
Editor:	Jerome B. Amahoy/Arnel C. Las Marias
Tagaguhit:	Joey T. Undap
Tagapamahala:	Arturo B. Bayocot, PhD. CESO III (Regional Director)
Co-Chairpersons:	Victor G. De Gracia Jr. PhD. CESO V (<i>Asst. Regional Director</i>) Randolph B. Tortola, PhD. CESO IV (SDS-Division of Bukidnon) Shambaeh A. Usman, PhD. (ASDS-Division of Bukidnon) Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD Neil A. Improgo, EPS-LRMS Bienvenido U. Tagolimot, Jr., EPS-ADM
Members:	Elbert R. Francisco, PhD, Chief ES, CID Nancy B. Panistante, PhD, EPS in Edukasyon sa Pagpapakatao Rejynne Mary L. Ruiz, PhD, LRMS Manager Jeny B. Timbal, PDO II Shella O. Bolasco, Division Librarian II

Inilimbag sa Pilipinas ng: Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Kawanihan ng mga Kaalaman

Office Address: Fortich Street, Sumpung, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 7

Naipaliliwanag ang layunin, paraan, sirkumstansya, at kahihinatnan ng makataong kilos (EsP 10MK-lig-8.2), Nakapagsusuri ng kabutihan o kasamaan ng sariling pasiya o kilos sa isang sitwasyon batay sa layunin, paraan sirkumstansiya, at kahihinatnan nito. (EsP10MK-IIh-8.3)

Ika-7 Linggo/ Week 7

Ang modyul na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga educator mula sa mga publiko at pribadong paaralan at pamantasan. Hinihikayat naming ang mga guro at ibang larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Talaan ng Nilalaman

Pahina

Cover Page

Copyright Page

Title Page

Talaan ng Nilalaman

Paunang Salita

Aralin 1: Ang Kahalagahan ng Sirkumstansiya at Tamang Paggamit ng Makataong Kilos

Alamin	1
Subukin	2-3
Balikan	3
Tuklasin	4-5
Suriin	5-7
Pagyamanin	7-8
Isaisip	8
Isagawa	9
Tayahin	9-10
Karagdagang Gawain	10-11

Aralin 2: Ang Kalahagahan sa Mabuting Pagsusuri ng Sariling Pasya at Kilos Batay sa Layunin ng Sirkumstansiya

Alamin	12
Subukin	13
Balikan	14
Tuklasin	15
Suriin	15-16
Pagyamanin	17
Isaisip	18
Isasagawa	18-19
Tayahin	19-21
Karagdagang Gawain	21-22
Susi sa Pagwawasto	23-24
Sanggunian	25

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy/Guro:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Layunin, Paraan, Sirkumstansya at Kahihinatnan ng Kilos.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Magandang araw mga mag-aaral, natapos niya ng pag-aralan mabuti ang ikalimang modyul sa ikalawang markahan. Tanggapin ninyo ang aking taos pusong pagbati...CONGRATULATIONS.Sa puntong ito mayroon na naman kayong bagong matutunan sa ikalawang modyul na ito sa ikalawang markahan. Ito ay makatutulong sa inyo upang magkaroon ng magandang pananaw, pag-iisip at magandang hangarin sa buhay.

Kaya upang madagdagan ang inyong mga kaalaman na iyong nalalaman sa unang markahan sa araling ito, taos-puso ninyong gawin, pagbutihin ang paggawa ng mga gawain sa modyul na ito. Ang inyong mga matutunang aral at reyalisasyon sa paksang ito ay tiyak magagamit ninyo sa pang-araw araw na buhay lalo sa pakikipagkapwa, pananalig sa Panginoon na siyang lumikha at sa sarili.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral at Magulang:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Layunin, Paraan, Sirkumstansya at Kahihinatnan ng Kilos.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Magalang na pagbati po sainyo bilang magulang! Maaari lamang po na kung magagabayan ninyo ang inyong anak ay mas lalo pong magiging kapana-panabik ang kaniyang/kanilang pag-aaral at pagsasagawa ng mga Gawain. Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

 Alamin	Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.
 Subukin	Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.
 Balikan	Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
 Tuklasin	Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.
 Suriin	Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.
 Pagyamanin	Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.
 Isaisip	Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.
 Isagawa	Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

 Tayahin	Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.
 Karagdagang Gawain	Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.
 Susi sa Pagwawasto	Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!


Aralin

1

Ang Kahalagahan ng Sirkumstansiya at Tamang Paggamit ng Makataong Kilos



Alamin



Kumusta ka? Sa paggising mo ba kaninang umaga ay may ginawa kang iba kumpara noong mga lumipas na araw? Matutukoy mo ba ang mga iyon? Lumuhod kaba sa sahig at nanalangin ng pagpapasalamat sa Diyos dahil nagising o ginising ka? O di kaya'y dumiritso ka sa kusina at nagsaing? Ano kaya ang iyong ginawang kilos? Sigurado ako na kahit papano sa edad mo ngayon ay alam mo na ang mga ginagawa mo sa bawat unang oras bawat araw tuwing nasisilayan mo ang bagong umaga. Kung kaya sa modyul na ito ay tatalakayin natin ang; “Kilos ko, pananagutan ko!” Ito ang mga salitang nagsasabing bilang tao, nararapat na suriin nating mabuti ang bawat kilos na ginagawa natin. Pamilyar ka ba sa iyong mga isinasagawang kilos? Nakikita mo ba ang mabuti o masama sa mga ito?

Sa Modyul 5, nalaman mo na gamit ang katwiran, sinadya at niloob ng tao ang makataong kilos; kaya pananagutan niya anuman ang kalabasan nito, mabuti man o masama. Nakaaapekto rin ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, at gawi sa kaniyang pananagutan dahil maaaring mawala ang pagkukusa ng kilos.

Layunin naman ng modyul na ito na higit na makapagsuri ka ng kabutihan o kasamaan ng iyong isinasagawang kilos at pasiya. Sa pamamagitan nito, matutulungan kang lubos na mapagnilayan kung paano ka nakapagsasagawa ng makataong kilos at mula rito ay masasagot mo ang Mahalagang Tanong na: Bakit mahalagang maunawaan na ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng kilos ay nagtatakda ng pagkamabuti o pagkamasama ng kilos ng tao?

Sa unang Modyul na ito, **inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

7.1 Naipaliliwanag ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng makataong kilos (EsP10MK-IIg-8.2) Week 7 Lunes



Subukin



Hash Tag # Umpisa na tayo! Nandito ka na sa bahaging una at napakaganda dahil malalaman mo ang iyong kakayahan at kaalaman patungkol sa mga konseptong inaasahang maipapaliwanag mo. Kung kaya narito ang;

Gawain 1

Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot sa iyong sagutang papel at kung may maidadagdag ka na kapaliwanagan ay yan ang bubuo ng iyong tatlong puntos sa bawat bilang ng iyong kasagutan.

1. Bakit sinasabing ang moral na kilos ay ang makataong kilos ayon sa etika ni Sto. Tomas de Aquino? Ipaliwanag.

- a. Sapagkat nahuhusgahan nito ang tama at maling kilos.
- b. Sapagkat nakapagpapasiya ito nang naaayon sa tamang katwiran.
- c. Sapagkat malayang patungo ito sa layunin na pinag-isipan.
- d. Sapagkat napatutunayan nito ang sariling kilos kung ito ay mabuti o masama.

2. Si Jimmy ay isang pulis. Kilala siyang matulungin sa kanilang lugar kaya't mahal na mahal siya ng kaniyang mga kapitbahay ngunit lingid sa kaalaman ng kaniyang mga tinutulungan, na ang itinutulong niya sa mga ito ay galing sa pangongotong na kinukuha niya sa kaniyang mga nahuhuling tsuper sa kalsada. Tama ba o Mali ang kilos ni Jimmy? At bakit?

- a. Tama, dahil marami naman siyang natutulungan na nangangailangan.
- b. Mali, dahil hindi sa kaniya galing ang kaniyang itinutulong.
- c. Tama, dahil mabuti naman ang kaniyang panlabas na kilos.
- d. Mali, dahil kahit mabuti ang panlabas na kilos, nababalewala pa rin ang panloob na kilos.

3. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng sirkumstansiya? At bakit?

- a. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan kung saan ang kilos na ginawa ay nakaaapekto sa kabutihan.
- b. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos na nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
- c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
- d. Ito ay nakapagpapabago sa halaga ng isang kilos.

4. May babae na nagustuhan at minahal si Alex ngunit ang babaeng ito ay mayroon ng asawa. Ngunit sa kabila nito, ipinagpatuloy pa rin niya ang kaniyang pagmamahal sa babae hanggang sa magkaroon sila ng relasyon. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita sa sitwasyon? Bakit kaya?
 - a. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
 - b. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama
 - d. Ang sirkumstansiya ay maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.

5. Naging pangulo ng kanilang pangkat si Julianna. Simula sa araw nang siya ay manalo, ginampanan niya nang lubos ang kaniyang tungkulin at responsibilidad. Ano kayang prinsipyong sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito? At bakit?
 - a. Ang sirkumstansiya maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.
 - b. Ang sirkumstansiya ay maaaring magdulot ng bagong kabutihan sa masamang kilos at bagong masamang hangarin sa masamang kilos.
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng mabuti o masama.
 - d. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama.

Kumusta, ilan kaya ang iyong nakuhang tama? Kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuha magaling, dahil alam ko na may matutunan ka pang mas marami sa pagpapatuloy ng pag-aaral ng modyul na ito, kung mahigit kalahati pataas ay mas lalong magaling dahil nasa proseso kana ng mastery. Kaya patuloy tayo sa pagbabaybay nito ng aralin.



Balikan



Naalala mo pa ba ang nakaraang aralin? Sa nakaraang napag-aralang Modyul, natutuhan mong pananagutan ng tao ang anumang kahihinatnan ng kaniyang kilos, mabuti man o masama. Mahalagang mapagnilayan niya ang bawat kilos na kaniyang isasagawa dahil hindi magiging ganap ang pagiging tao niya kung hindi siya kumikilos ayon sa kabutihan. Pero teka muna, naaalala mo pa ba ang ibig sabihin ng kilos?

Gawain 2

Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel bilang pagbabalik-aral upang ang naisa-isipan mo ay tunay ngang iyong maisasabuhay at matatanim sa iyong damdamin.

Tanong:

1. Ano ang ibig sabihin ng kilos?

Wow, Nagawa mo! Kaya magpapatuloy tayo, okay?



Tuklasin



Heto na tayo't magpapatuloy sa pagtuklas ng mga bagong karunungan at kaalaman. Kung kaya nga sinasabi na "Ang Makataong kilos ay bunga ng ating isip at kagustuhan na nasasalamín ang ating pagkatao. Kung ano tayo at kung ano ang kalabasan ng ating kilos ay batay sa ating pagpapasiya." Tulad ng kinakaharap nating krisis nitong taong kasalukuyan, ang COVID-19 o ang pandemia na kumitil na nang libo-libong buhay. Nangangahulugan ito na hindi lahat ng ating isinasagawang kilos ay mabuti, dahil bawat kilos natin na nagmula muna sa ating isipan ay maaaring may bunga o kahihinatnan ng hindi maganda, hindi kaaya-aya o masama. Kaya ngayon ay sundin mo ang kung ano ang inaasahan sa iyo, okay?

Gawain 3

Basahin ang bawat sitwasyon. Tukuyin ang layunin, paraan at sirkumstansiya sa bawat ipinakitang kilos.

1. May markahang pagsusulit si Eric. Siya ay pumasok sa kanyang silid at nagbasa ng kanyang mga napag-aralan.
Layunin:
Paraan:
Sirkumstansiya
2.Si Jomar ay malungkot dahil naiwan siyang mag-isa sa kanilang bahay. Tinawagan siya ng kaniyang barkada at niyayang mag-inuman sila ng alak sa bahay ng isa pa nilang barkada. Dahil nag-iisa si Jomar at nalulungkot, siya ay nakipag-inuman.
Layunin:
Paraan:
Sirkumstansiya
3.Matagal nang nais ni Kim magkaroon ng cellphone. Isang araw, habang mag-isa lamang siya sa kanilang silid-aralan ay nakita niyang naiwan ng kanyang kamag-aral ang cellphone nito. Kinuha ito ni Kim at itinago
Layunin:
Paraan:
Sirkumstansiya

Narito ang Rubrics nang tuklasing bahagi: Kaya mo ba ang mga ito?

Krytirya	5 puntos	3 puntos	1 punto
Layunin	Kung nabanggit na ito ay panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob/hindi ito nakikita ng ibang tao dahil ito ay personal sa taong gumagawa ng kilos.	Kung nabanggit na ito ay panloob na kilos	Nagbigay ng sagot ngunit hindi angkop sa sitwasyon.
Paraan	Kung nabanggit na ito ay panlabas na kilos na kasangkapan upang makamit ang layunin.	Kung nabanggit na ito ay kilos ng tao upang matupad/makamit ang kanyang gusto/layunin.	Nagbigay ng sagot ngunit hindi angkop sa sitwasyon.
Sirkumstansiya	Kung nabanggit na ito ay kalagayan o kondisyon ng kilos na nakakabawas o nakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.	Kung nabanggit na nakadaragdag o nakababawas sa kasamaan ng kilos.	Nagbigay ng sagot ngunit hindi angkop sa sitwasyon.



Suriin



Na "*broken hearted*" ka na ba? Siguro Oo, o baka naman hindi. Pero kung Oo, masasabi ba natin na makatao ang ginawa ng nag *break* ng iyong puso, o ng iyong kakilala? Sa araling ito ay madadagdagan na naman ang iyong kaalaman at kakayahang maipaliwanag ang mga ito; Kaya naman ikaw ay inaasahang magiging masipag at matapat ka sa iyong muling gagawing pagsusuri sa bawat sumusunod na mga salik.

1. Ang layunin ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob. Ito rin ay tumutukoy sa taong gumagawa ng kilos (doer); hindi ito nakikita o nalalaman ng ibang tao dahil ito ay personal sa taong gumagawa ng kilos.

Ito ang pinakalayunin o pinatutunguhan ng kilos. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, ang mismong kilos ay hindi maaaring husgahan kung mabuti o masama kung hindi nito isasaalang-alang ang layunin ng taong gumagawa nito. Mahalagang tingnan ang kabuuang kilos na kasama ang layunin ng tao na nagsasagawa nito. Ang pamantayan sa kabutihan ng layunin ay kung iginagalang ng taong nagsasakilos ang dignidad ng kaniyang kapuwa.

2. Ang Paraan ng Makataong Kilos

Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, may nararapat na obheto ang kilos. Halimbawa, sa kilos na kumain, ang obheto ay makakain. Ngunit kung kakain ka ng bato, ito ay masama dahil hindi kinakain ang bato. Ang kilos ng uminom ay may obheto na makainom. Ngunit kung iinom ka ng muriatic acid ito ay masama dahil nakamamatay ito. Samakatuwid, ang paraan ng kilos ay ang nararapat na kilos dahil ang kabutihan ng panlabas na kilos ay ang nararapat na obheto nito.

Ang bawat kilos ay may layunin. Ngunit paano mo ba nahuhusgahan kung ang layunin mo ay mabuti o masama?

Pangongopya



Ano ang layunin ng kilos?	Makasagot sa pagsusulit.
Ano ang nararapat na obheto?	Ang pagsulat ng nalalaman mo, hindi ang nalalaman ng iba.
Tanong: Ang kilos ba na ginawa ay sang-ayon sa obheto?	

3. Ang Sirkumstansya ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan ng kilos na nakababawas o nakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Narito ang iba't ibang sirkumstansiya:

1. *Sino*. Ito ang tumutukoy sa tao na nagsasagawa ng kilos o sa taong maaaring maapektuhan ng kilos.
2. *Ano*. Ito ang tumutukoy sa mismong kilos, gaano ito kalaki o kabigat.
3. *Saan*. Ito ang tumutukoy sa lugar kung saan ginagawa ang kilos.
4. *Paano*. Ito ay tumutukoy sa paraan kung paano isinagawa ang kilos.
5. *Kailan*. Ito ay tumutukoy kung kailan isasagawa ang kilos.

4. Ang Kahihinatnan ng Makataong Kilos

Ang lahat ng ginagawang kilos ng tao ay may dahilan, batayan, at may kaakibat na pananagutan. Anuman ang gawing kilos ay may kahihinatnan. Mahalaga na masusing pag-isipan at pagplanuhang mabuti ang anumang isasagawang kilos dahil mayroon itong katumbas na pananagutan na dapat isaalang-alang. Kung minsan, nagkakaroon ng suliranin sa pagpapasiya dahil sa kawalan ng kaalaman kung ang pinili niyang kilos ay mabuti o masama. Kung minsan, dahil sa bilis ng takbo ng isip ng tao ay nakapag-iisip at nakagagawa siya ng kilos na hindi tinitingnan ang kahihinatnan nito. Ngunit sa ikaapat na salik, sinasabi na ang bawat tao ay kailangang maging mapanagutan sa anumang kilos na kaniyang pipiliin. Kailangang mapag-isipang mabuti at makita kung ano ang magiging resulta ng anumang kilos na gagawin. Gaya nalang pagpapanatili natin sa bahay upang masigurong ligtas tayo sa nakahahawang sakit na Covid-19, maaari ka namang lumabas kahit na ipinagbabawal, ngunit may-kaakibat na kahihinatnan ang iyong gagawing kilos sa kabila ng layunin mo upang makalanghap man lang ng hangin sa labas ng bahay kahit pa may banta ng pagkakaroon ng sakit at dahil total *lock-down* ikaw ay maaaring hulihin din ng awtoridad.

Okay ka lang ba? Tama nga lang bang mag break ng *heart* isang nilalang?



Pagyamanin



Yan ang ikinabibilib ko sa iyo! Tunay ngang gusto mong matuto. Kung kaya inaanyayahan kitang muling magpatuloy na pagyamanin ang iyong kaisipan at gawa. Heto na ang Gawain na magpapakita ng iyong nasuring kaalaman sa modyul na ito.

Gawain 4. Pag-unawa sa mga Salik ng Makataong Kilos

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang kahulugan ng kilos? Ipaliwanag.
2. Ano-ano ang salik na nag-uugnay sa makataong kilos? Ipaliwanag ang bawat isa.
3. Bakit hindi maaaring ihiwalay ang panloob na kilos sa panlabas na kilos? Ipaliwanag.
4. Paano nahuhusgahan kung ang layunin ng kilos ay mabuti o masama? Magbigay ng halimbawa.
5. Sa iyong palagay, upang ang kilos ay maging mabuti, saan ba ito dapat nakabatay? Ipaliwanag.



Isaisip



Ngayon malinaw na sa iyo na ang layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan ng kilos ay nakapagtatakda ng kabutihan o kasamaan ng kilos ng tao. Ito ay isang hamon para sa iyo kung paano mo pag-iisipang mabuti ang pipiliin mong kilos sa araw-araw simula sa iyong paggising hanggang sa iyong pagtulog. Kung ikaw ba ay mananalangin sa parehong oras ng iyong paggising at sa pagtulog, pag-aalaala ng mga bagay na kung saan ay dapat mong pasalamatan ang Diyos at ganon din na hingin ang Kaniyang Mapagpalang paggabay at pagpapatnubay sa iyong Layunin na iyong isasakatuparan hindi lang sa unang oras ng bawat araw kundi pati narin sa buong araw na darating.

Kung kaya nga't ngayon ay inaanyayahan kitang magnilay. Balikan mo ang iyong mga isinagawang kilos o mga gawain noong nakaraang linggo. Batay sa iyong mga natutuhan at sa mga karanasan mo na may kaugnayan sa pag-aaral sa modyul na ito, sana ay matukoy mo ang iyong mga naging reyalisasyon.



Isagawa



Malapit na nating matapos ang aralin sa modyul na ito kung kaya mas napapahanga ako sa iyo dahil masusi ang iyong pagsasagawa ng bawat gawaing inilaan para sa iyo sa modyul na ito. Okay ka lang ba?

Gawain 5

Sa iyong palagay paano nagiging makatarungan ang layunin, paraan, sirkumstansya ng makataong kilos sa pang-araw-araw mong karanasan o sa mga nangyayari sa kasalukuyan? Kagaya na lamang ng “kaisipan” ng iilang mga tao na itong “Pandemia” o “Covid -19” ay sinasabing naglalayong pauntiin ang populasyon sa mundo. Maaari mo bang ipaliwanag mula sa iyong sariling pang-unawa ang tungkol sa kaisipang ito ng iilang mga tao? Ito ay maaari mo ring isangguni sa iyong magulang at palagdaan sa kanila ang iyong mga kapaliwanagan. Isulat ito sa kuwaderno.



Tayahin



O ayan andito kana sa paggawa ng halos panghuling Gawain na malalaman mo na ganap na ang iyong kaalaman at karunungan sa pagkakataong ito.

Kung kaya ay sundin ang panuto nitong huling bahagi ng pag-aaral mo ng modyul na ito.

Gawain 6

Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot.

1. Bakit sinasabing ang moral na kilos ay ang makataong kilos ayon sa etika ni Sto. Tomas de Aquino? Ipaliwanag.
 - a. Sapagkat nahuhusgahan nito ang tama at maling kilos.
 - b. Sapagkat nakapagpapasiya ito nang naaayon sa tamang katwiran.
 - c. Sapagkat malayang patungo ito sa layunin na pinag-isipan.
 - d. Sapagkat napatutunayan nito ang sariling kilos kung ito ay mabuti o masama.

2. Si Jimmy ay isang pulis. Kilala siyang matulungin sa kanilang lugar kaya't mahal na mahal siya ng kaniyang mga kapitbahay ngunit lingid sa kaalaman ng kaniyang mga tinutulongan, na ang itinutulong niya sa mga ito ay galing sa pangongotong na kinukuha niya sa kaniyang mga nahuhuling tsuper sa kalsada. Tama ba o Mali ang kilos ni Jimmy? At bakit?
 - a. Tama, dahil marami naman siyang natutulungan na nangangailangan.
 - b. Mali, dahil hindi sa kaniya galing ang kaniyang itinutulong.

Tama, dahil mabuti naman ang kaniyang panlabas na kilos.
 Mali, dahil kahit mabuti ang panlabas na kilos, nababalewala pa rin ang panloob na kilos.

3. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng sirkumstansiya? At bakit?
 - a. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan kung saan ang kilos na ginawa ay nakaaapekto sa kabutihan.
 - b. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos na nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
 - c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
 - d. Ito ay nakapagpapabago sa halaga ng isang kilos.

4. May babae na nagustuhan at minahal si Alex ngunit ang babaeng ito ay mayroon ng asawa. Ngunit sa kabila nito, ipinagpatuloy pa rin niya ang kaniyang pagmamahal sa babae hanggang sa magkaroon sila ng relasyon. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita sa sitwasyon? Bakit kaya?
 - a. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
 - b. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama
 - d. Ang sirkumstansiya ay maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.

5. Naging pangulo ng kanilang pangkat si Julianna. Simula sa araw nang siya ay manalo, ginampanan niya nang lubos ang kaniyang tungkulin at responsibilidad. Ano kayang prinsipyong sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito? At bakit?
 - a. Ang sirkumstansiya maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.
 - b. Ang sirkumstansiya ay maaaring magdulot ng bagong kabutihan sa masamang kilos at bagong masamang hangarin sa masamang kilos.
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng mabuti o masama.
 - d. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama.



Karagdagang Gawain



Sa bahaging ito naman na kung saan ay ang pagpapayaman na bahagi ng iyong kaalaman ay tunay akong nagagalak para saiyong, hindi lang sa pagsapit mo sa gawaing ito kundi pati na rin sa iyong hakbang sa pagkamit ng iyong hangarin. Kung kaya **Saludo** ako! At nasisiyahang makita ka kung sumusunod sa bawat **Panuto**:

Gawain 7

Ngayon, mag-isip ka ng isang sitwasyon mula sa iyong karanasan na may suliranin (dilemma). Tayahin mo ang kabutihan o kasamaan nito batay sa layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan nito. Ipakita mo at ipabasa ito sa iyong magulang. Anyayahan sila na magbigay ng komento o payo sa iyong ginawa. Palagyan mo rin ito sa kanila ng lagda bilang katibayan na kanilang nabasa ang iyong ginawa.

Suliranin	Layunin	Paraan	Sirkumstansiya	Kahihinatnan Paghuhusga: Mabuti o masama ang kilos? Bakit?	Komento, payo, at lagda ng magulang
1.					
2.					
3.					
4.					
5.					

Aralin

2

Ang Kalahagahan sa Mabuting Pagsusuri ng Sariling Pasya at Kilos Batay sa Layunin ng Sirkumstansiya



Alamin



Hello! Yan ang unang salita na maririnig natin kung gusto nating malaman na ang ating kausap sa kabilang linya ay nakikinig ba o nasaiyo ang atensyon ng iyong kausap. Kaya isipin na, bilang iyong guro ay kasama mo ako palagi sa pagpapatuloy mo ng pag-aaral ng mga modyul na ito, mula umpisa hanggang sa huli. Okay?

Sa unang modyul ay natutunan mo kung paano dapat ipaliwanag ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng makataong kilos. Bilang isang indibidwal ay totoong dapat na alamin natin ang mga iyon. Kung kaya sa pagpapatuloy mo ay masusuri mo naman ngayon ang kabutihan o kasamaan nito.

Kaya nga layunin naman ng modyul na ito ay higit na **makapagsuri** ka ng kabutihan o kasamaan ng iyong isinasagawang kilos at pasiya. Sa pamamagitan nito, matutulungan kang lubos na mapagnilayan kung paano ka nakapagsasagawa ng makataong kilos at mula rito ay masasagot mo ang Mahalagang Tanong na: Bakit mahalagang masuri ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng kilos ng tao o makataong kilos?

Sa modyul na ito, **inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

Nakapagsusuri ng kabutihan o kasamaan ng sariling pasiya o kilos sa isang sitwasyon batay sa layunin, paraan sirkumstansiya, at kahihinatnan nito. **(EsP10MK-IIh-8.3)**
Week 7

Naririto ang kraytirya ng pagtataya ng output sa kakayahang pampagkatuto

1. Nasuri nang maaayos ang sitwasyong may suliranin (dilemma) batay sa layunin, paraan, at sirkumstansiya nito

2. Nakapagbigay ng sariling sitwasyon mula sa karanasan na nabibigyan ng tamang pagtukoy sa layunin, paraan, at sirkumstansiya gayundin ang kabutihan o kasamaan nito



Subukin



Muli ay nasisiyahan akong makita kang tunay na nagpupunyagi o nagsusumikap na magpatuloy sa iyong pag-aaral. Kung kaya, sabay tayo sa sa pagkamit ng iyong hinahangad na tagumpay sa buhay.

Gawain 1

Upang malaman mo na mapapadali sa iyo ang paggawa ng mga Gawain dito ay kailangan mo muling gawin itong bahaging subukin. Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot, dahil bawat bilang ay mayroon kang tatlong puntos.

1. Ito ang bunga ng ating isip at kagustuhan na nagsasabi ng ating katangian.
 - a. pasiya
 - b. kilos
 - c. kakayahan
 - d. damdamin
2. Kung ang papel na ginagampanan ng isip ay humusga at mag-utos, ano naman ang papel ng kilos-loob?
 - a. Umunawa at magsuri ng impormasyon.
 - b. Tumungo sa layunin o intensiyon ng isip.
 - c. Tumulong sa kilos ng isang tao.
 - d. Gumabay sa pagsasagawa ng kilos.
3. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng sirkumstansiya?
 - a. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan kung saan ang kilos na ginawa ay nakaaapekto sa kabutihan.
 - b. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos na nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
 - c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
 - d. Ito ay nakapagpapabago sa halaga ng isang kilos.

4. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng Layunin?

- a. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos.
- b. Ito ang pinakatunguhin ng kilos.
- c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag ng kabutihan o kasamaan ng kilos
- d. Ito ay nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.

5. May babae na nagustuhan at minahal si Alex ngunit ang babaeng ito ay mayroon ng asawa. Ngunit sa kabila nito, ipinagpatuloy pa rin niya ang kaniyang pagmamahal sa babae hanggang sa magkaroon sila ng relasyon. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita sa sitwasyon?

- a. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
- b. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama
- c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama
- d. Ang sirkumstansiya ay maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.



Wow! Ano kaya ang ibig kong ipaalam sa iyo sa wow na iyan? Nakuha mo kaya ang lahat ng tamang kasagutan? O baka naman dalawa lang, pero kahit ganun pa man ay wag kang mag-alala, dahil sa pagbabaybay mo nitong aralin ay siguradong maiwawasto mo ang mali mong sagot at masusuri mo talaga ang mga dapat na susuriin sa araling ito.



Balikan

Gawain 2



Kumpletuhin ang puzzle! Paano? Ibig kong sabihin ay bahagi na nitong modyul ang icon na pagbubuo ng puzzle na kung saan ay aalalahanin mong muli ang nagdaang modyul. Dahil sariwa pa sa iyo ang kahapon, sa bahaging ito ay **isulat ang tungkol sa mga salik ng makataong kilos**. Ikaw ay mayroong kaukulang puntos para sa iyong Performance Task sa bahaging ito. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

Nagawa mo ba? Segurado ako madali lang yan! Alam naman kasi natin na kayang-kaya mo, dahil madali ang lahat sa taong nagsusumikap, di ba totoo? Kung kaya, alam ko na handa ka na sa pagpapatuloy nitong aralin, ayos?



Tuklasin



Alam mo ba ang mga kaganapan sa iyong paligid, sa bansa at sa buong mundo? Mayroon tayong naranasan at mararanasan pa na Pandemia. Alam ko na mayroon kang sariling karanasan ukol dito, na kung isasalaysay mo ay sigurado ako na kukulangin ang isang araw sa pagsasagawa mo nito.

Gawain 3

Kaya sa puntong ito ay gumawa ka ng **sanaysay** na mula sa nasuri mong mga kilos na isinagawa ng ating Pangulo, mga miyembro ng Kagawaran ng Pangkalusugan o DOH at ng iba pang sangay ng Pamahalaan na tunay na nagsagawa ng pasya o kilos batay sa kanikanilang paraan, layunin, sirkumstansya at kahihinatnan ng makataong kilos. Ang lahat ng iyong magagawa sa bahaging ito ay kabahagi parin ng iyong **Performance Task** na mayroong kaukulang labin-limang puntos.

“Susulong din tayo”, narinig mo na ba ang mga katagang yan? O ang sinasabing “We heal as One” at “Manatili sa Iyong Tahanan” o Bahay, nagawa mob a ang iyong tungkulin sa panahon ng mga ipinatupad na “lockdown”? napakagaling! Kaya sa bahaging ito ay hinihimok kita na magpatuloy. Okay?



Suriin



“Masarap balikan ang nakaraan”, mga katagang dapat nating bigyan ng pansin ang pakahulugan. Kung ikaw ang tatanungin ano ba para saiyo ang ibig sabihin nito? Kung ako ang tatanungin mo tungkol diyan sa katagang nasa itaas, ay masasabi ko na masarap nga muling pag-aralan ang aralin na napag-aralan na. Kagaya nitong bahaging suriin, nalaman mo na ito sa unang modyul ngunit sa

ikalawang modyul na ito ay muli nating **susuriin** ang bawat isa upang lalo nating mapag-alaman ang mga kaganapang dala nito.

A. Ang layunin ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob. Ito rin ay tumutukoy sa taong gumagawa ng kilos (doer); hindi ito nakikita o nalalaman ng ibang tao dahil ito ay personal sa taong gumagawa ng kilos.

Ito ang pinakalayunin o pinatutunguhan ng kilos. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, ang mismong kilos ay hindi maaaring husgahan kung mabuti o masama kung hindi nito isasaalang-alang ang layunin ng taong gumagawa nito. Mahalagang tingnan ang kabuuang kilos na kasama ang layunin ng tao na nagsasagawa nito. Ang pamantayan sa kabutihan ng layunin ay kung iginagalang ng taong nagsasakilos ang dignidad ng kaniyang kapuwa.

B. Ang Paraan ng Makataong Kilos

Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, may nararapat na obheto ang kilos. Halimbawa, sa kilos na kumain, ang obheto ay makakain. Ngunit kung kakain ka ng bato, ito ay masama dahil hindi kinakain ang bato. Ang kilos ng uminom ay may obheto na makainom. Ngunit kung iinom ka ng muriatic acid ito ay masama dahil nakamamatay ito. Samakatuwid, ang paraan ng kilos ay ang nararapat na kilos dahil ang kabutihan ng panlabas na kilos ay ang nararapat na obheto nito.

C. Ang Sirkumstansya ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan ng kilos na nakababawas o nakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.

Narito ang iba't ibang sirkumstansiya:

6. *Sino*. Ito ang tumutukoy sa tao na nagsasagawa ng kilos o sa taong maaaring maapektuhan ng kilos.
7. *Ano*. Ito ang tumutukoy sa mismong kilos, gaano ito kalaki o kabigat.
8. *Saan*. Ito ang tumutukoy sa lugar kung saan ginagawa ang kilos.
9. *Paano*. Ito ay tumutukoy sa paraan kung paano isinagawa ang kilos.
10. *Kailan*. Ito ay tumutukoy kung kailan isasagawa ang kilos.

D. Ang Kahihinatnan ng Makataong Kilos

Ang lahat ng ginagawang kilos ng tao ay may dahilan, batayan, at may kaakibat na pananagutan. Anuman ang gawing kilos ay may kahihinatnan. Mahalaga na masusing pag-isipan at pagplanuhang mabuti ang anumang isasagawang kilos dahil mayroon itong katumbas na pananagutan na dapat isaalang-alang. Kung minsan, nagkakaroon ng suliranin sa pagpapasiya dahil sa kawalan ng kaalaman kung ang pinili niyang kilos ay mabuti o masama. Kung minsan, dahil sa bilis ng takbo ng isip ng tao ay nakapag-iisip at nakagagawa siya ng kilos na hindi tinitingnan ang kahihinatnan nito. Ngunit sa ikaapat

na salik, sinasabi na ang bawat tao ay kailangang maging mapanagutan sa anumang kilos na kaniyang pipiliin. Kailangang mapag-isipang mabuti at makita kung ano ang magiging resulta ng anumang kilos na gagawin.

O pano mayroon ka bang bagong kaalamang nadiskobre? O di kaya naman masasabi mo ba na tunay mo nang masusuri ang mabuti at masamang kilos ng bawat konsepto ng aralin? Sana nga ay oo.



Pagyamanin



Siyempre magaling ka kung taos puso ang pag-aral na isinagawa mo! Dahil ikaw nga ay natututo. Kung kaya inaanyayahan kita na muling magpatuloy na pagyamin ang iyong kaisipan at ang iyong **gawa** rin. Dito na tayo sa Gawain na magpapakita ng iyong nasuring kaalaman sa modyul na ito.

Gawain 4

Heto ang gawain para sa pag-unawa ng mga salik ng makataong kilos. Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo ang sumusunod na mga pokus na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang iyong nasuring Layunin ng kilos?
2. Ano para sa iyo ang kaibahan ng Layunin at Paraan ng makataong kilos?
3. Masasabi mo bang ang ibat-ibang sirkumstansya ay tunay na makakadagdag o makababawas sa kasamaan o kabutihan ng makataong kilos? Bakit?
4. Sa nasuring iba't ibang uri ng sirkumstansiya ano ang tumutukoy sa mismong kilos at paraan ng pagsasagawa nito?
5. Paano nahuhusgahan kung ang layunin ng kilos ay mabuti o masama? Magbigay ng halimbawa.



Isaisip



Tunay nga kayang malinaw na sa iyo na ang layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan ng kilos na nakapagtatakda ng kabutihan o kasamaan ng kilos ng tao? Ito ay isa na namang tanong para sa iyo kung paano mo sinusuring mabuti ang bawat layunin, paraan at kahihinatnan ng iyong kilos sa araw-araw, kung ito ba ay makabubuti o hindi? Sa madaling salita, dapat mong ikondisyon ang iyong sarili sa bawat isasagawang mga pagpapasya.

Gawain 5

Sa bahaging ito ay inaanyayahan kitang gawin ang pagninilay na maaari mong isagawa bago ka matulog o sa mga panahong kasalukuyan na kung saan sa dalawa o tatlong araw na nagdaan ay nagawa mo ang mga gawaing sa palagay mo hindi karapat-dapat na nagawa o maaari ring mga bagay na nagawa mo na sa palagay mo na kahit hindi mo ito nilayon o isinaisip na gawin ngunit ito ay nagdulot ng kabutihan. Mangyari na ito ay gawin mo o isulat sa iyong kuwaderno na nasa bahaging pagninilay.




Isagawa



Imagine pa more! Oh ayan marami ka nang nagawa mula sa pagninilay at sa bahaging ito ay maaari mo lamang na sundin ang panuto para masaya ☺;

Gawain 6

1. Mag-isip ng isang sitwasyon sa iyong buhay na kung saan nagpapakita ng iyong kilos.
2. Isulat ito sa loob ng kahon na makikita sa ibaba o isulat sa iyong kuwaderno.
3. Tukuyin mo ang layunin, paraan, at sirkumstansiya sa iyong nagawang pasiya o kilos.



Sitwasyon na nagsagawa ng pasiya at kilos.

Layunin



Paraan (kilos)



Sirkumstansiya



Kraytirya	1 punto	5 puntos	2 puntos
Sitwasyon 1 Pagiging matapat	Mabuting kilos	Kung naipaliwanag na ang pagiging tapat ang pinakaimportante katangian ng isang lingkod ng bayan	May naisulat na sagot ngunit hindi nabanggit ang salitang katapatan/pagiging tapat
Sitwasyon 2 Kailan man ay hindi tama ang magpakopya	Masamang kilos	Kung naipaliwanag na kailan man ay hindi tama ang magpakopya sa kaklase sa panahon ng pasulit.	May sagot na naisulat ngunit hindi nabanggit ang tungkol sa pagiging mali ng nagpapakopya sa pasulit
Sitwasyon 3 Paggalansa Tahanan ng Diyos	Masamang kilos	Kung naipaliwanag na hindi dapat mag-usap sa loob ng simbahan lalo na kung ang pag-usapan ay mga tsismis lamang . Dapat igalang ang tahanan ng Diyos.	May naisulat na sagot ngunit hindi nabanggit ang tungkol pagiging mali na gawin ang tsismis sa loob pa mismo ng simbahan (Tahanan ng Diyos)
Sitwasyon 4 Anumang mabuting kahihinatnan ay hindi napapawalang sala ang maling paraan upang makamit ito.	Masamang kilos	Kung naipaliwanag na kahit na mabuti ang resulta ng ginawang pagtulong pero kung ang paraan ay mali (pera ay galing sa pagbebenta ng ipinagbabawal na gamot) , ito ay mali/masama pa rin	May naisulat na sagot ngunit hindi binanggit ang pagiging masama ng kilos sanhi sa pagbebenta ng ipinagbabawal na gamot



Tayahin



Gawain 7

O ayan andito kana sa paggawa ng halos panghuling Gawain na malalaman mo na ganap na ang iyong kaalaman at karungan sa pagkakataong ito. Kung kaya ay sundin ang panuto nitong huling bahagi ng pag-aaral mo ng modyul na ito. Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot, dahil bawat bilang ay mayroon kang tatlong puntos.

1. Ito ang bunga ng ating isip at kagustuhan na nagsasabi ng ating katangian.
 - a.pasiya
 - b.kilos
 - c.kakayahan
 - d.damdamin
2. Kung ang papel na ginagampanan ng isip ay humusga at mag-utos, ano naman ang papel ng kilos-loob?
 - a. Umunawa at magsuri ng impormasyon.
 - b. Tumungo sa layunin o intensiyon ng isip.
 - c. Tumulong sa kilos ng isang tao.
 - d. Gumabay sa pagsasagawa ng kilos.
3. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng sirkumstansiya?
 - a. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan kung saan ang kilos na ginawa ay nakaaapekto sa kabutihan.
 - b. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos na nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
 - c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
 - d. Ito ay nakapagpapabago sa halaga ng isang kilos.

4. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng Layunin?

- a. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos.
- b. Ito ang pinakatunguhin ng kilos.
- c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag ng kabutihan o kasamaan ng kilos
- d. Ito ay nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.

5. May babae na nagustuhan at minahal si Alex ngunit ang babaeng ito ay mayroon ng asawa. Ngunit sa kabila nito, ipinagpatuloy pa rin niya ang kaniyang pagmamahal sa babae hanggang sa magkaroon sila ng relasyon. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita sa sitwasyon?

- a. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
- b. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama
- c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama
- d. Ang sirkumstansiya ay maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.



Karagdagang Gawain



Sa kakatapos mo lang na pagtataya sa araling iyong natutunan ay mangyari na ipagpatuloy mo ang masusuing pagsusuri ng bahaging ito na kung saan ay karagdagang Gawain mo naman ulit ito. At dahil diyan ay patuloy akong hahanga saiyo dahil lubos ang iyong pagnanasa na maisagawa at malaman ng lubos ang inaasahan saiyo.

Gawain 8

Suriin ang bawat sitwasyon sa ibaba at tingnan kung mabuti o masama ang ginawang pasiya o kilos ng tauhan. Lagyan ng tsek ang kolum ng mabuting pasiya o kilos ng tauhan. Lagyan ng tsek (/) ang kolum ng mabuting kilos kung ikaw ay naniniwala na ito ay mabuti at lagyan ng ekis (x) ang kolum ng masamang kilos kung naniniwala kang ito ay masama.

Mga Sitwasyon	Mabuting Kilos	Masamang Kilos	Paliwanag na iyong nasuri.
1. Nanalo si Mang Philip bilang barangay captain sa kanilang lugar. Wala siyang inaksayang oras upang ibigay ang sarili sa kanyang paglilingkod nang buong katapatan.			
2. Nais ni Jaymee na matulungan ang kaniyang kamag-aral na pumasa kaya't pinakopya niya ito sa kanilang pagsusulit.			
3. Habang nasa loob ng simbahan si Pol at Andrew ay pinag-uusapan nila ang kanilang kamag-aral na di umano'y nakikipagrelasyon sa kanilang guro.			
4. Si Mang Gerry ay matulungin sa kanyang mga kapitbahay. Ngunit lingid sa kaalaman ng kanyang mga tinutulungan, na ang perang ibinibigay niya sa mga ito ay galing sa pagbibinta niya ng ipinagbabawal na gamot.			



Susi sa Pagwawasto

Ooops!!! Sa bahaging ito ay masusubok mo ang iyong pagiging tapat hindi lang sa iyong guro, sa iyong sarili, kundi lalo't higit sa ating Diyos na Banal na hindi nalulugod na Makita ang bawat isa satin na lumalabag sa batas na magbibigay saatin ng pagkakataon o oportunidad na maging tunay na makatao at maka-Diyos. Karagdagan pa ay ang kaligayahang iyong mararamdaman dahil sa iyong katapatan at dahil diyan ay tunay kami na mga tagapag-padaloy ng karungan ay lubos din na masisiyahan at makakaramdam ng tunay na kaganapan.

Aralin 1	
Subukin/Tayahin 15 Puntos Gawain 1 at Gawain 6 1. C+Paliwanag 2. D – do - 3. B – do - 4. A – do - 5. A – do -	Tuklasin Gawain 1 (15 puntos) Nasa guro ang pagpapasya kung tama ang sagot. Gawain 3 1. Ang pagwawasto ay base sa kasagutan ng magaaral 2. Ang pagwawasto ay base sa kasagutan ng magaaral
Isaisip Ang guro ang magpapasya kung tama ang sagot at may lagda ng magulang.	Pagyamanin Gawain 4 5 Aytem (15 Puntos) Nasa guro ang pagpapasya kung tama ang bawat sagot.
Isagawa Gawain 5 Nakadepende sa guro ang pagmamarka.	Karagdagang Gawain Nakadepende sa guro ang pagmamarka (15 Puntos)

Aralin 2

Subukin/Tayahin

15 Puntos

Gawain 1 at Gawain gawain 7

Tuklasin

Gawain (15 puntos) Nasa guro ang pagpapasya kungtama ang sagot.

Gawain 3

1.B+Paliwanag

2. B – do -

3. B – do -

4. C – do -

5. A – do -

Ang Sanaysay

Ay iwawasto ay base sa kanilang out-put.

Isaisip

Gawain 5

Pagyamanin

Gawain 4

Ang guro ang magpapasya kung tama ang sagot at may lagda ng magulang.

5 Aytem (15 Puntos)
Nasa guro ang pagpapasya kung tama ang bawat sagot.

Isagawa

Gawain 6

Karagdagang Gawain

Gawain 8

Nakadepende sa Krayterya ang pagmamarka.

Nakadepende sa guro ang pagmamarka (15 Puntos)

Sanggunian

Mga Aklat

Agapay, Ramon B. (2007) *Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Educators*. Mandaluyong City: National Bookstore Inc. , hinango Hunyo 8, 2020

Kagawaran ng Edukasyon, (2014) *Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Modyul para sa Mag-aaral*, hinango Hunyo 2020.

Montemayor, Felix M. (1994) *Ethics the Philosophy of Life*. Mandaluyong City: National Bookstore. , hinango Hunyo 8, 2020

Nery-Nabor, Maria Imelda P. (2010). *Christian Morality and Ethics*. Mandaluyong City: National Book Store, hinango Hunyo 8, 2020

Reyes, Ramon C. (2009). *Ground and Norm of Morality: Ethics for College Students*. Quezon City: ADMU Press. , hinango Hunyo 8, 2020

Simbajon Jr., Marvin Julian L. (2011). *Ethics for Educators: A College Textbook for Teacher Education and Educators in All Areas of Discipline*. Quezon City: C&E Publishing, Inc., hinango Hunyo 8, 2020

Mula sa Internet

Freepik "Free Vectors." Accessed June 16, 2020

School vector created by freepik - www.freepik.com, hinango Hunyo 8, 2020

https://www.google.com/search?q=Ang+Layunin,+Paraan,+Sirkumstansya,+at+Kahihinatnan+ng+Kilos&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwjBxOa0q93pAhWpL6YKHX17AbYQ_AUoAXoECAwQAw&biw=1366&bih=663#imgsrc=E2Dr46ZLF41IRM, hinango Hunyo 8, 2020

https://www.google.com/search?q=bordder&tbm=isch&ved=2ahUKEwjZgKu2q93pAhXKzIsBHTfmAuMQ2cCegQIABAA&oq=bordder&gs_lcp=CgNpbWcQAzICCAAYAggAMgYIABAKEBgyBggAEAoQGDIGCAAQChAYMgYIABAKEBgyBggAEAoQGDIGCAAQChAYMgYIABAKEBgyBggAEAoQGDoeCAAQZoECAAQHICqjVhY1JRYYPsXWGgAcAB4AIABxgOIAbcQkgEHMi00LjluMZgBAKABAAoBC2d3cy13aXotaW1n&sclient=img&ei=jjzTXtmBNMqZr7wPt8yLmA4&bih=663&biw=1366#imgsrc=6z3xdkdtJrV6kM, (2020) , hinango Hunyo 8, 2020

Mga Larawan, hinango sa:

Avatoon-Avatar Creator & Emoi Me (Version 1.1.7)
<https://www.bitmoi.com/app>. Hinango Hunyo 8, 2020

Para sa mga Tanong at Puna, maaari na sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Kawanihan ng mga Kaalaman

Office Address: Fortich Street, Sumpung, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph